



## Fact Sheet ukol sa Update sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke para sa 2022 Sa Isang Sulyap

Nakapaloob sa dokumentong ito ang mahahalagang istatistika tungkol sa sakit sa puso, stroke, iba pang cardiovascular disease at salik ng panganib ng mga ito, bilang karagdagan sa mga karaniwang binabanggit na istatistika tungkol sa programang pananaliksik ng American Heart Association (AHA). Batay ang dokumentong Sa Isang Sulyap na ito sa Update sa Mga Istatistika sa Sakit sa Puso at Stroke para sa 2022 ng asosasyon, na taon-taong pinagsasama-sama ng AHA, National Institutes of Health, at iba pang katuwang nito. Ang mga nabanggit na taon ang mga pinakahuling taon na naging available ang bawat paksa.

### Pananaliksik ng American Heart Association

- Hindi nagsasagawa ng pananaliksik ang AHA. Sa halip, ginagamit ng organisasyon ang mga donasyon upang magpondo ng mga proyekto ng pananaliksik. Ang mga aplikasyon para sa pananaliksik ay masusing tinitimbang at pinipili ng mga pangkat ng siyentipiko at propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagboluntaryo para sa asosasyon.
- Nakapagpondo na ang AHA ng 14 na nanalo ng Nobel Prize at ilang mahalagang pag-unlad sa medisina, kabilang ang mga pamamaraan at pamantayan para sa CPR, unang artipisyal na valve sa puso, nai-implant na pacemaker, inhibitor ng kolesterol, microsurgery, at stent na nababalutan ng gamot.
- Nagpopondo ang AHA ng mas maraming pananaliksik tungkol sa mga cardiovascular disease at stroke kumpara sa anupamang pribadong not-for-profit na organisasyon maliban sa pederal na pamahalaan.
- Nakapagpondo na ang AHA ng mahigit \$4.8 bilyon sa pananaliksik simula noong 1949.

### Sakit sa Puso, Stroke at iba pang Cardiovascular Disease

- Ang cardiovascular disease (CVD), na nakalista bilang pinagmumulang sanhi ng pagkamatay, ang dahilan ng 874,613 pagkamatay sa United States noong 2019.
- Mas maraming buhay na kinukuha ang CVD sa bawat taon sa United States kumpara sa lahat ng pinagsamang uri ng kanser at Chronic Lower Respiratory Disease (CLRD).
- Sa pagitan ng 2015 at 2018, 126.9 milyong nasa hustong gulang sa US ang nagkaroon ng isang klase ng CVD. Sa pagitan ng 2017 at 2018, \$378.0 bilyon ang direkta at hindi direktang nagastos sa kabuuang CVD (\$226.2 bilyon sa mga direktang gastos at \$151.8 bilyon dahil sa nawalang pagkaproduktibo/pagkamatay).

## Update sa Mga Istatistika para sa 2022 – Mga Istatistika sa Isang Sulyap

- Noong 2015 hanggang 2018 sa United States, 58.8% ng mga non-Hispanic (NH) Black na babae at 60.1% ng mga NH Black na lalaki ang nagkaroon ng isang klase ng CVD. Sa kategorya ng lahing ito pinakamataas ang paglaganap ng CVD.
- Noong 2019 sa United States, ang coronary heart disease (CHD) ang nangungunang sanhi (41.3%) ng mga pagkamatay na nauugnay sa CVD sa United States, na sinusundan ng iba pang CVD (17.3%), stroke (17.2%), altapresyon (11.7%), pagpalya ng puso (9.9%), mga sakit sa mga artery (2.8%).
- Sa CVD napunta ang 12% ng kabuuang gastos sa kalusugan ng US noong 2017 hanggang 2018. Mas malaki iyon sa anumang pangunahing pangkat ng diagnostic.
- Ang CVD ang dahilan ng humigit-kumulang 19.05 milyong pagkamatay sa buong mundo noong 2020.

### Coronary Heart Disease (CHD)

- Ayon sa data ng 2019, ang Sakit sa Puso ang nananatiling No. 1 na sanhi ng pagkamatay sa United States.
- Ang CHD ang dahilan ng humigit-kumulang 12.6% ng mga pagkamatay sa United States noong 2018, na nagresulta sa 360,900 pagkasawi.
- Ayon sa data mula 2005 hanggang 2014, ang tinatayang insidente ng atake sa puso kada taon sa United States ay 605,000 bagong atake at 200,000 naulit na atake. Ang karaniwang edad sa unang atake sa puso ay 65.6 na taong gulang para sa mga lalaki at 72.0 taong gulang para sa mga babae.
- Sa humigit-kumulang na kada 40 segundo, may isang tao sa United States na nakakaranas ng myocardial infarction.
- Mula 2009 hanggang 2019 sa United States, bumaba nang 25.2% ang taon-taong rate ng pagkamatay na nauugnay sa CHD at bumaba nang 6.6% ang aktwal na bilang ng mga namatay.
- Ang tinatayang direkta at hindi direktang gastos sa sakit sa puso noong 2017 hanggang 2018 (average kada taon) ay \$228.7 bilyon sa United States.

### Stroke

- Noong 2019, ang stroke ang dahilan ng humigit-kumulang na 1 sa bawat 19 na pagkamatay sa United States.
- Sa average noong 2019, may isang taong namamatay dahil sa stroke sa bawat 3 minuto at 30 segundo sa United States.
- Kapag hiwalay na tinukoy mula sa iba pang CVD, nasa rank na No. 5 ang stroke sa lahat ng sanhi ng pagkamatay sa United States, na nagdulot ng 150,005 pagkasawi noong 2019.
- Noong 2019, ang age-adjusted na rate ng pagkamatay dahil sa stroke sa US ay 37.0 kada 100,000, na bumaba nang 6.6% mula noong 2009, samantala, tumaas naman ang aktwal na bilang ng mga pagkamatay dahil sa stroke nang 16.4% sa parehong yugto ng panahon.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa United States ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa 2022 para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2022 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi pinahihintulatang paggamit.

## Update sa Mga Istatistika para sa 2022 – Mga Istatistika sa Isang Sulyap

- Noong 2020, may 7.08 milyong nasawi dahil sa cerebrovascular disease sa buong mundo (3.48 milyon ang nasawi dahil sa ischemic stroke, 3.25 milyon ang nasawi dahil sa intracerebral hemorrhage (ICH), at 0.35 milyon ang nasawi dahil sa subarachnoid hemorrhage).
  - Ang Central, Southeast at East Asia, Oceania, at sub-Saharan Africa ang may mga pinakamataas na rate ng pangkalahatang pagkamatay dahil sa stroke.
  - Ang Eastern Europe at Central Asia ang may mga pinakamataas na rate ng pagkamatay dahil sa ischemic stroke.
  - Pinakamataas ang bilang ng pagkamatay dahil sa ICH sa Oceania, na sinusundan ng western, central, at eastern sub-Saharan Africa at Southeast Asia.
  - Pinakamataas ang bilang ng pagkamatay dahil sa subarachnoid hemorrhage sa Oceania, Andean Latin America, at Central Asia.

### Biglaang Cardiac Arrest

- Noong 2019, ang bilang ng pagkamatay dahil sa anumang nabanggit na biglaang cardiac arrest sa United States ay 370,494.
- Ayon sa data ng US para sa 2020, nangyayari sa bahay o residensya (73.0%) ang karamihan sa Mga Cardiac Arrest sa Labas ng Ospital (Out of Hospital Cardiac Arrests, OHCA). Ang mga pampublikong lugar (15.1%) at nursing home (10.9%) ang pangalawa at pangatlong pinakakaraniwang lugar na pinangyayarihan ng OHCA.
- Ayon sa data ng US para sa 2020 para lang sa OHCA, 9.0% ang nailigtas hanggang sa ma-discharge sa ospital sa lahat ng non-traumatic na sitwasyon ng OHCA na ginamot sa pamamagitan ng EMS. 31.2% ang nailigtas hanggang sa ma-discharge sa ospital sa mga sitwasyon ng atake na natugunan ng tao sa paligid at 36.2% ang nailigtas hanggang sa ma-discharge sa ospital sa mga sitwasyon ng atake na natugunan ng 9-1-1 responder.

### Mga Salik ng Panganib ng Sakit sa Puso, Stroke at Cardiovascular Disease

Sinusukat ng AHA ang cardiovascular health ng bansa sa pamamagitan ng pagsubaybay sa pitong pangunahing salik at pag-uugali sa kalusugan na nagpapataas sa panganib ng sakit sa puso at stroke. Tinatawag namin itong “Life’s Simple 7 (Ang 7 Simpleng Bagay sa Buhay)” at sinusukat namin ang mga ito upang masubaybayan ang progreso tungo sa pagpapabuti ng cardiovascular health ng lahat ng American. Ang Life’s Simple 7 ay: hindi paninigarilyo, pisikal na aktibidad, masustansyang diyeta, timbang ng katawan, at pagkontrol ng kolesterol, presyon ng dugo, at asukal sa dugo. Narito ang ilang mahalagang impormasyon na nauugnay sa mga salik na ito:

### Paninigarilyo

- May kinalaman ang tabako sa tinatayang 8.09 milyong pagkamatay sa buong mundo noong 2020.
- Sa United States noong 2019, ang paninigarilyo ang nangungunang salik ng panganib na masayang ang ilang taon ng buhay dahil sa maagang

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa United States ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa 2022 para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2022 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi pinahihintulatang paggamit.

pagkamatay at ang pangatlong nangungunang salik ng panganib na mamuhay nang ilang taong may kapansanan o pinsala.

- Sa isang meta-analysis ng 23 prospective at 17 case-control na pag-aaral ng mga panganib ng cardiovascular disease na nauugnay sa pagka-expose sa secondhand smoke, nakitang tumaaas nang 18%, 23%, 23%, at 29% ang panganib sa kabuuang pagkamatay, kabuuang CVD, CHD, at stroke, nang ayon sa pagkakasunod-sunod, sa mga taong nae-expose sa secondhand smoke.
- Ayon sa ulat para sa 2020 ng Surgeon General ng U.S. tungkol sa pagtigil sa paninigarilyo, >480 000 American ang namamatay dahil sa paninigarilyo at >41 000 ang namamatay dahil sa pagka-expose sa secondhand smoke bawat taon, ≈1 sa 5 pagkamatay kada taon.
- Noong 2020, 23.6% ng mga mag-aaral sa high school at 6.7% ng mga mag-aaral sa middle school sa US ang gumagamit ng anumang tabakong produkto. Dagdag pa rito, 4.6% ng mga mag-aaral sa high school at 1.6% ng mga mag-aaral sa middle school sa US ang naninigarilyo sa nakalipas na 30 araw. Sa nakalipas na 30 araw, 19.6% ng mga mag-aaral sa high school at 4.7% ng mga mag-aaral sa middle school sa US ang gumagamit ng mga e-cigarette.
- Noong 2019, 14.0% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nag-ulat na naninigarilyo araw-araw o paminsan-minsan (15.3% ng mga lalaki at 12.7% ng mga babae).

### Kawalan ng Pisikal na Aktibidad

- Noong 2018, 25.4% ng mga nasa hustong gulang sa US ang walang ginagawang pisikal na aktibidad sa mga libreng oras nila.
- Noong 2018, ang pangkalahatang dami ng tumugon sa Mga Tagubilin sa Pisikal na Aktibidad para sa Mga American sa 2018 sa parehong mga tagubilin para sa aerobic at pagpapalakas ng kalamnan ay 24.0% sa mga nasa hustong gulang sa US.
- Sa mga mag-aaral sa high school sa US noong 2019, 44.1% ang pisikal na aktibo nang 60 minuto o higit pa sa loob ng hindi bababa sa 5 araw sa isang linggo.

### Nutrisyon

- Sa pagitan ng 2003 hanggang 2004 at 2015 hanggang 2016 sa United States, gumanda ang mean score sa masustansyang diyeta ng AHA para sa mga nasa hustong gulang. Nabago ang paglaganap ng hindi masustansyang diyeta mula sa 56.0% at naging 47.7% para sa pangunahing score at mula sa 43.7% ay naging 36.6% ito para sa pangalawang score.
  - May malaking kinalaman sa mga pagbabago sa score ang pagdaragdag ng mga kinokonsumong whole grain, nut/seed/legume, at saturated fat at pagbawas ng mga kinokonsumong prutas at gulay, sugar sweetened na inumin, processed meat, at sodium sa kabuuan. Walang malaking pagbabagong naobserbahan sa pagkonsumo ng isda at shellfish.
- Nakakita rin ng mga katulad na pagbabago sa mga score sa masustansyang diyeta ng AHA sa pagitan ng 2003 hanggang 2004 at 2017 hanggang 2018 sa mga underrepresented na pangkat ng lahi at etnikong pangkat at sa mga

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa United States ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa 2022 para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2022 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi pinahihintulatang paggamit.

taong may mas mababang kita o edukasyon, bagama't may malaki pa ring pagkakaiba. Bumaba ang parte sa hindi masustansyang diyeta mula sa 64.7% at naging 55.5% para sa mga NH Black na indibidwal, mula sa 66.0% at naging 48.8% para sa mga Mexican American na indibidwal, at mula sa 54.0% at naging 47.4% para sa mga NH White na indibidwal. Bumaba ang parte sa hindi masustansyang diyeta (<40% pagsunod) mula sa 50.7% at naging 41.4% sa mga nasa hustong gulang na may income-to-poverty ratio na  $\geq 3.0$ , pero mula sa 67.7% na naging 63.6% lang sa mga nasa hustong gulang na may income-to-poverty ratio na  $< 1.3$ .

### Labis na Timbang/Obesidad

- Sa United States, tumaas ang paglaganap ng obesidad sa mga nasa hustong gulang mula 1999 hanggang 2000 hanggang sa 2017 hanggang 2018 mula 30.5% at naging 42.4%.
- Tumaas ang pangkalahatang paglaganap ng obesidad at matinding obesidad sa mga kabataan sa US na may edad na 2 hanggang 19 na taong gulang mula sa 13.9% at naging 19.3% at 2.6% hanggang 6.1% sa pagitan ng 1999 hanggang 2000 at 2017 hanggang 2018.
- Ayon sa data sa 2017 hanggang 2018, laganap nang 13.4% ang obesidad sa mga bata sa US na may edad na 2 hanggang 5 taong gulang; laganap nang 20.3% para sa mga batang may edad na 6 hanggang 11 taong gulang; at laganap nang 21.2% para sa mga adolescent na may edad na 12 hanggang 19 na taong gulang.
- Iniugnay ang mataas na body mass index sa 2.40 milyong pagkamatay noong 2020 sa buong mundo, na nagkaroon ng pagbabagong 131.46% kumpara sa 1990,
- Ayon sa pag-aaral sa Pangkalahatang Pasaning Dulot ng Karamdaman sa 2020 (Global Burden of Disease 2020), pinakamababa ang mga age-standardized na rate ng pagkamatay na nauugnay sa mataas na body mass index sa Asia Pacific na may mataas na kita at pinakamataas naman ito sa Oceania, Central Asia, Middle East at North Africa, southern sub-Saharan Africa, at mga lugar sa Central at Eastern Europe, Central sub-Saharan Africa, at Central Latin America.

### Kolesterol

- Gamit ang data mula 2015 hanggang 2018, 93.9 milyon, o 38.1% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nagkaroon ng kabuuang kolesterol na 200 mg/dL o mas mataas.
- Gamit ang data mula 2015 hanggang 2018, humigit-kumulang 28.0 milyon, o 11.5% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nagkaroon ng kabuuang kolesterol na 240 mg/dL o mas mataas.
- Gamit ang data mula 2015 hanggang 2018, 27.8% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nagkaroon ng mataas na antas ng low-density lipoprotein cholesterol (130 mg/dL o mas mataas).
- Gamit ang data mula 2015 hanggang 2018, 17.2% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nagkaroon ng mababang antas ng high-density lipoprotein cholesterol (wala pang 40 mg/dL).

## Update sa Mga Istatistika para sa 2022 – Mga Istatistika sa Isang Sulyap

- Sa pangkalahatan noong 2020, nagkaroon ng 4.51 milyong pagkamatay na nauugnay sa mga mataas na antas ng low-density lipoprotein cholesterol, na tumaas nang 19% mula sa 2010.

### Diabetes

- Gamit ang data mula 2015 hanggang 2018, tinatayang 28.2 milyong (10.4%) nasa hustong gulang sa US ang na-diagnose na may diabetes.
- Gamit ang data mula 2015 hanggang 2018, tinatayang 9.8 milyong (3.8%) nasa hustong gulang sa US ang may hindi na-diagnose na diabetes. Dagdag pa rito, 113.6 milyong (45.8%) nasa hustong gulang sa US ang may prediabetes.
- Noong 2019, 87,647 pagkamatay sa US ang naiugnay sa diabetes.
- Noong 2020, tinatayang 1.64 milyong pagkamatay ang naiugnay sa diabetes sa buong mundo. Kumakatawan ito sa age-standardized na rate ng pagkamatay na 20.07 kada 100,000.

### Altapresyon (HBP)

- Gamit ang data mula 2015 hanggang 2018, 121.5 milyong (47.3%) nasa hustong gulang sa US ang may altapresyon.
- Noong 2019, may 102,072 pagkamatay sa US na pangunahing nauugnay sa HBP.
- Noong 2019, ang age-adjusted na rate ng pagkamatay sa US na pangunahing nauugnay sa HBP ay 25.1 kada 100,000.

**Para sa karagdagang impormasyon, mga chart at talahanayan, tingnan ang**

***Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke – Update para sa 2022***

Maaaring i-download ang mga karagdagang chart nang direkta mula sa online na paglalathala o sa [www.heart.org/statistics](http://www.heart.org/statistics).

Maraming istatistika sa dokumentong Sa Isang Sulyap na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumentong ito at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa dokumentong Sa Isang Sulyap na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang matukoy ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang dokumentong ito na gaya ng sumusunod:

Tsao CW, Aday AW, Almarzooq ZI, Alonso A, Beaton AZ, Bittencourt MS, Boehme AK, Buxton AE, Carson AP, Commodore-Mensah Y, Elkind MSV, Evenson KR, Eze-Nliam C, Ferguson JF, Generoso G, Ho JE, Kalani R, Khan SS, Kissela BM, Knutson KL, Levine DA, Lewis TT, Liu J, Loop MS, Ma J, Mussolino ME, Navaneethan SD, Perak AM, Poudel R, Rezk-Hanna M, Roth GA, Schroeder EB, Shah SH, Thacker EL, VanWagner LB, Virani SS, Voecks JH, Wang N-Y, Yaffe K, Martin SS; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Subcommittee sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke—update sa 2022: isang ulat mula sa American Heart Association [inilathala online bago ang imprenta sa Miyerkules, Enero 26, 2022]. *Circulation*. doi: 10.1161/CIR.0000000000001052

[Update sa Istatistika para sa 2022](#)

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga istatistika o anumang punto sa Update sa Istatistika,